



## PAHAYAG SA MEDIA

**PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG:** Marso 31, 2020  
**MAKIPAG-UGNAYAN KAY:** Kristine Roselius - 415.519.5419

## Pahayag ng Bay Area Air District tungkol sa paglalabas ng Administrasyon ni Trump ng Panuntunan sa SAFE Vehicles

**SAN FRANCISCO** – Pahayag ni Jack Broadbent, tagapagpaganap na opisyal ng Bay Area Air Quality Management District (Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area):

*“Ang paglalabas ng administrasyon ni Trump ng Panuntunan sa SAFE Vehicles sa kalagitnaan ng isang pambansang krisis ay nagpapakita ng kakulangan ng katapatan, pakikiramay at sentido kumon. Ang panuntunan ay hindi nakakatugon sa mga pag-iingat sa kalidad ng hangin na kinakailangan upang maprotektahan ang kalusugan ng publiko at mabawasan ang mga mapanganib na emisyon na nagdudulot ng pagbabago ng klima. Ang paglalagay ng mga sasakyan na hindi na maayos ang pagtakbo sa ating mga kalsada at pagtataas ng konsumo sa gasolina ay nagsasapanganib sa pinaghirapang progreso sa kalidad ng hangin at kalusugan na nagawa sa loob ng ilang dekada - kapag nagkaroon ng rollback sa mga pamantayan sa emisyon, magkakaroon ito ng mga tunay at mapanirang resulta para sa California at sa Bay Area. Hindi makatwirang samantalain ang pandaigdigang emergency na ito upang mailusot ang hindi magandang patakarang ito nang hindi napapansin habang nakatutok ang lahat ng antas ng gobyerno sa krisis sa COVID-19. Hahamunin ng Air District ang Panuntunan sa SAFE Vehicles at hindi kami susuko sa aming laban na depensahan ang aming malinis na mga pamantayan sa sasakyan at poprotektahan namin ang kalidad ng buhay ng lahat ng residente ng Bay Area.”*

Ang [Bay Area Air Quality Management District](#) ay ang panrehiyong ahensiya na responsable para sa pangangalaga ng kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

###

---

Air District Communications Office  
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105  
[Homepage ng Air District](#) | [Mga Pahayag sa Media](#)